BC CANCER CERVIX SCREENING
Provincial Health Services Authority

Cervix Screening Invitation

Notice Date

Jane Sample
123 Sample Avenue
City, Province, Postal Code

Mahal na Jane,

Nais kong padalhan ka ng isang cervix self-screening kit na nagbibigay-daan sa iyo na ikaw mismo ang kumuha ng sample mula sa iyong puwerta (vagina) para sa pagsusuri ng cervical cancer. Ang kit na ito ay sumusuri para sa human papillomavirus (HPV), ang virus na nagdudulot ng cervical cancer. Kung ikaw ay nakapagpasuri na ng cervix (hal., Pap test o self-screening) sa nakalipas na 3 buwan, pakibale-walain ang liham na ito at makipag-ugnayan sa amin upang kanselahin ang pagpapadala ng iyong cervix self-screening kit sa: 1-877-702-6566 o screening@bccancer.bc.ca.

Nagliligtas ng buhay ang screening sa pamamagitan ng maagang pagtuklas ng kanser o pagpigil na ito ay magsimula, kahit ikaw ay malusog at walang anumang sintomas. Mahalaga ang screening kahit wala kang kasaysayan ng kanser sa iyong pamilya.

Ang self-screening kit ay:

- ✓ **Napakadaling gamitin:** Tumatagal lamang ng 20 segundo upang makakuha ng maayos na sample mula sa iyong puwerta (vagina), hindi mula sa iyong cervix. Ligtas ang pagsusuring ito at hindi dapat magdulot ng sakit. Ipinapakita ng ebidensya na kasinghusay mo ang isang propesyonal sa kalusugan sa pagkuha ng vaginal sample.
- ✓ **Pribado:** Maaari itong gawin nang mag-isa, saan ka man pinaka-komportable, tulad ng sa iyong tahanan o sa tanggapan ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- ✓ **Simple:** Maaari itong gawin sa oras na maginhawa para sa iyo, nang hindi kinakailangang bumiyahe o lumiban sa trabaho.

Awtomatikong ipapadala sa iyo ang isang kit kung wala kaming matatanggap na tugon mula sa iyo sa loob ng tatlong linggo.

Makipag-ugnayan sa BC Cancer Cervix Screening sa **1-877-702-6566** (Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:30 p.m., o Sabado, 8:30 a.m. hanggang 4:30 p.m.) o sa screening@bccancer.bc.ca kung mayroon kang anumang katanungan o kung mas nais mong hindi makatanggap ng kit.

Pakitandaan: Hindi mo kailangang sumailalim sa screening kung mayroon ka nang cervical cancer o kung wala ka nang cervix (hal., total hysterectomy). Kung hindi na kinakailangan ang screening, pakitingnan ang kabilang panig para sa mga tagubilin.

Kung ayaw mong gawin ang cervix self-screening, mangyaring magpa-iskedyul ng Pap test sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Bisitahin ang www.screeningbc.ca/cervix upang makahanap ng klinika na malapit sa iyo.

Hindi kailanman naging mas madali ang cervix screening. Alamin kung paano nakatulong ang screening sa ibang tao sa www.screeningstories.ca at matuto pa tungkol sa kung paano ito gumagana sa www.screeningbc.ca. Umaasa ako na aalagaan mo ang iyong kalusugan at sasailalim ka sa screening ngayon.

Lubos na gumagalang,

Dr. Lily Proctor
Medical Director, Cervix Screening Program

SAMPLE

BC CANCER CERVIX SCREENING
Provincial Health Services Authority

Cervix Screening Invitation

Bakit ko natanggap ang liham na ito?
Ayon sa aming mga talaan, maaaring hindi ka pa kailanman sumailalim sa cervix screening sa British Columbia o kaya naman ay lampas na sa takdang panahon para sa iyong screening. Ang sinumang may cervix na nasa edad 25 hanggang 69 taong gulang ay dapat regular na magpasuri para sa cervical cancer.
Makakatulong ang screening upang matukoy kung ikaw ay nasa panganib na magkaroon ng mga abnormal na selula sa iyong cervix. Ang maagang pagtuklas at paggamot sa mga abnormal na selulang ito ay makakatulong upang maiwasan ang kanser. Maaari ring matukoy ng screening ang kanser sa maagang yugto, bago ito magdulot ng mga sintomas, kung kailan mas marami pang opsyon para sa paggamot.

Sino ang hindi kailangang magpasuri para sa cervical cancer?
Hindi mo kailangang sumailalim sa screening kung mayroon ka nang cervical cancer o kung wala ka nang cervix (gaya ng pagkatapos ng total hysterectomy). Kung hindi na kinakailangan ang screening, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa 1-877-702-6566 o screening@bccancer.bc.ca upang ihinto ang pagpapadala sa iyo ng mga paalala sa hinaharap.
Kung nakararanas ka ng pagdurugo pagkatapos makipagtalik, pagdurugo sa pagitan ng mga regla o pagkatapos ng menopause; mas maraming lumalabas na discharge mula sa puwerta; pananakit ng balakang (pelvis) o pananakit habang nakikipagtalik, mahalagang talakayin ang mga sintomas na ito sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Kung ikaw ay buntis, mangyaring kumonsulta sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong mga opsyon at kung kailan dapat sumailalim sa screening.

Saan ninyo nakuha ang aking personal na impormasyon sa kalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan?
Bilang isang programa ng Provincial Health Services Authority, tumatanggap kami ng kaugnay na personal na impormasyon sa kalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan mula sa mga ahensya ng pamahalaan at mga propesyonal sa kalusugan na direktang kasangkot sa iyong pangangalaga. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang matukoy kung kailan ka dapat makatanggap ng mga liham tungkol sa cancer screening at upang maibigay sa iyo ang iyong mga resulta ng screening.
Nakatuon ang BC Cancer sa pagpapanatiling pribado, kumpidensyal, at ligtas ng iyong impormasyon sa lahat ng oras.

Ginagamit namin ang impormasyong ito upang:

- Anyayahan kang isaalang-alang ang screening kapag ikaw ay karapat-dapat na batay sa edad;
- Paalalahanan ka kapag oras na para sa iyong susunod na screening test; at
- Ibigay sa iyo ang mga resulta ng iyong screening test, kabilang ang impormasyon tungkol sa follow-up (kung kinakailangan).

Maaari kang kontakin sa hinaharap upang kumpletuhin ang mga survey ng feedback tungkol sa cervix screening. Pinamumunuan ng BC Cancer ang panlalawigang pagpaplano at rehiyonal na paghahatid ng pangangalaga sa kanser para sa mga residente ng British Columbia. Saklaw ng mandato ng BC Cancer ang buong hanay ng pangangalaga sa kanser, kabilang ang mga organisadong programa ng cancer screening para sa British Columbia.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga abiso sa cancer screening, mangyaring bisitahin ang www.screeningbc.ca/notifications.

Nagbago na ang aking tirahan. Ano ang dapat kong gawin?
Kung nagbago na ang iyong tirahan, mangyaring bisitahin ang www.addresschange.gov.bc.ca upang ma-update ang iyong address sa ICBC at Health Insurance BC nang sabay.

Important information, please translate.
重要信息，请翻译。
ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਜਾਣਕਾਰੀ, ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਅਨੁਵਾਦ ਕਰੋ।
Mahalagang impormasyon, mangyaring isalin sa wikang tagalog.
Información importante; por favor, tradúzcala.
معلومات مهمة ، يرجى الترجمة.
Information importante, veuillez traduire.
重要信息，請翻譯。
Wichtige Informationen, bitte übersetzen.
중요한 정보를 번역하십시오.
Tin tức quan trọng, xin phiên dịch.
اطلاعات مهم ، لطفا ترجمه کنید.

Kokolektahin at gagamitin ng BC Cancer ang iyong personal na impormasyon para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa screening, kabilang ang pakikipag-ugnayan at follow-up, gayundin para sa pagsusuri ng programa. Kinokolekta ang impormasyong ito alinsunod sa FIPPA s. 26(c) at (e). Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkolekta at paggamit ng iyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, bisitahin ang ScreeningBC.ca. Kung natanggap mo ang impormasyong ito nang hindi sinasadya o dahil sa pagkakamali, mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa nagpadala.